# 1

PE Class. Brett hated the subject. Masyadong boring. Plus the fact na pipilitin silang magsayaw para sa foundation day. Iyon ang balita niya.

"Hi," bati ng isang mahiyaing tinig mula sa kaniyang likuran nang minsang maaga siyang dumating sa gymn.

Sa kanyang paglingon ay ang mabait na mga mata nito ang sumalubong sa kanya. Her big brown eyes complimented the color of her long hair. Hindi siya agad nakapag-react.

"May PE ka din ba?" tanong nito sa kanya. Halatang bagong pasok lamang ito.

Hindi niya agad nakuhang sagutin ang dalaga. Tango lang ang naitugon niya rito.

Ngumiti itong parang nahihiya.

"Ah. Wala pa bang instructor?" tanong muli nito na sinagot niya ng iling.

Sa hitsura ng babae ay para itong napapahiya sa paraan ng pagsagot niya sa itinatanong nito.

“Ah, sige. D’un na lang ako maghihintay. Salamat.” Iyon lang at lumayo ito ng upuan sa kanya.

Sa pagkakataong iyon ay parang gusto niyang batukan ang sarili. Bakit ba hindi niya ito kinausap nang maayos? Habang hinihintay ang pagsisimula ng klase ay makailang beses niyang sinulyapan ang dalaga. Chubby ito pero bagay rito ang pagiging mataba. Napangiti siya sa sarili.

He has a thing for chubby girls. Hindi niya alam kung bakit, pero mas may dating sa kanya ang chubby kaysa iyong typical na sexy. At sa bawat sulyap niya ay nakilatis at na-imprint na ni Brett ang mukha nito sa kanyang memorya.

She had a beautiful face. He estimated her height to be around 5’2” to 5’3”. At maganda itong magdala ng damit, kahit ng puti nilang uniporme. Finally, he had a reason to attend this PE class. Ang kaklase niyang cute and chubby na kilala lamang niya sa apelyidong Felizardo.

“Okay. You all go ahead and choose a partner for the field demonstration during our Foundation Day,” sabi ng kanilang instructor nang i-announce nito ang kanilang gagawin para sa finals.

Lalapitan na sana ni Brett ang kaklaseng si

Felizardo, pero may nauna nang pumareha rito. Asar niyang pinartneran ang unang babaeng lumapit sa kanya.

"Sir, ano po ang sasayawin namin?" tanong ng isa niyang kaklase.

"Swing. Bahala na kayong mag-choreo ng sasayawin n'yo. Basta ayoko mapahiya, ha," bilin nito at iniwan na sila.

Nag-set na ng practice ang mga student leaders na in-assign ng instructor.

Dala na rin siguro na hindi niya gusto ang ka-partner ay hindi na siya um-attend ng practice hanggang sa makasalubong niya si Ms. Chubby and Cute.

"Uy, classmate, bakit hindi ka uma-attend ng practice? Hinahanap ka ng ka-partner mo," bati nito sa kanya.

"Hindi ko naman alam na may practice," pagsisinungaling niya rito, nagpipilit magmukhang hindi interesado maski ang bilis ng tibok ng kanyang puso.

"Ilang araw na lang at presentation na natin. Baka hindi ka makahabol. Finals pa naman natin

’yun,” sabi pa nito.

“Eh di bagsak,” pawalang-bahala niyang sagot. Kulang na lang sabihin niya na kaya ayaw niyang um-attend ng practice ay dahil hindi ito ang partner niya.

“Naku. Sayang naman. Ang dali-dali lang pumasa, eh. Sasayaw ka lang naman,” sabi nito.

Napatitig si Brett sa mga mata nito, gusto niyang sabihin na kung ito lamang ang partner niya, hindi na ito magdadalawang-salita pa sa kanya. Iniwas nito ang paningin at humarap sa steps pababa ng library.

“Kung gusto mo ituro ko sa iyo? May kopya naman ako ng kanta at kabisado ko na ang steps,” offer nito.

Natigilan si Brett at muling tiningnan ang dalaga. Hindi niya alam ang isasagot. Naumid ang dila niya.

“Hindi naman masyadong mahirap ang steps. Ang dali nga, eh. Ano?” untag nito sa kanya.

“Ha?” Parang nagising siya sa pagkakatulala.

“Just in case you want me to teach you, ito, text mo ako kung kelan ka puwede para ma-practice natin ang sayaw bago mag-Foundation Day. Una na ako. See you.” Bumaba na ito ng hagdan.

Nalilitong inabot niya ang kapirasong papel na ibinigay nito at tinitigan ang number na nakalista roon.

---

Sa isang garden na malapit sa kanilang university, ayon sa text, ang kanilang tagpuan ni Ms. Chubby and Cute. Ang sabi sa text alas tres. Pero alas tres quince na ay hindi pa ito dumarating. Paalis na siya nang makita niya itong humahangos.

"Sorry, ha. Antagal kasi nagpalabas ng prof namin. Saglit lang, ha," sabi nito at isinet-up ang *iPod* at speakers. Halos magkandalaglag ang mga gamit nito sa pagmamadali.

"Okay lang. Actually kadarating ko lang. Naisip ko kasing bumili ng merienda habang hinihintay ka," palusot niya. Tinulungan na niya ang dalaga na mag-set up ng gagamitin nila.

"Hindi ka pa ba kumakain? Nakakahiya naman. 'Eto o. Dalawa kasi ang sandwich na pinabaon sa akin ng mama ko. Iyo na 'yan. Sabi kasi nila mag-diet na ako."

Tinanggap niya ang sandwich na iniaabot nito.

"Ako nga dapat mahiya, eh. Ako ang nang-abala,"

sabi naman niya.

"Ano ka ba? Ako ang nag-offer, so walang hiya-hiya, okay? Ako nga itong nahihiya dahil ako pa itong nag-offer, kababae kong tao," tatawa-tawang sabi nito.

"Felizardo ang apelyido mo, di ba?" tanong niya dito.

"Yup. Bakit?"

"Wala lang. Sinisiguro ko lang na kilala kita. Ano name mo?" tanong niya rito.

"Mailene. O siya, tayo na at baka gabihin tayo," sabi nito sa kanya.

Nabigla pa si Brett nang hawakan nito ang kamay niya. Para siyang nanigas. Para bang milyong boltahe ng elektrisidad ang pumasok sa katawan niya.

Very unusual, because no one had this impact on him ever since he hit puberty. Ang alam niya crush niya ito. Pero bakit ganoon kalakas ang epekto ng hawak nito sa kanya?

"Hey. Loosen up," anitong may matamis na ngiti sa labi.

Para siyang na-mesmerize na hindi niya

maintindihan.

“Kailangan kasi sa swing medyo relax lang tayo. Ganito, ako kunwari ang partner mo. ’Tapos…”

At simula nang mga sandaling iyon ay hindi na naalis sa isipan niya ang kaklase niyang si Mailene Felizardo. Ang babaeng naging dahilan para pumasok at maipasa niya ang kanyang PE subject, ang babaeng nagpilit sa kanya na sumayaw sa harap ng maraming tao.

The reason why and how his heart fell in love for the first time…

---

Ilang minuto bago ang presentation ay nakita niyang tahimik at mukhang worried si Mailene. Nakaupo ito sa isang sulok at parang mugto pa ang mga mata.

“O, ikaw pa ba ang kakabahan? Ang galing-galing mo ngang sumayaw at kabisadong-kabisado mo na ang steps,” pagpapalakas niya sa loob nito.

Ngumiti ito nang lapitan niya, pero hindi nito naitago ang lungkot sa mga mata.

“Buti naman at nakarating ka. ’Yung buwisit kong partner, hindi daw makakapasok. Grrr!” sabi nito na

pilit pang pinasigla ang boses.

“Partneran na lang kita,” offer niya rito.

“May partner ka na at ’andun siya, o. Hay, ewan ko kung puwedeng mag-swing mag-isa,” biro pa nito bagaman halatang hindi natatawa sa sariling joke.

“Pumayag ka lang na ako ang partner mo, iiwan ko sa ere ’yung partner ko,” sabi ni Brett sa dalaga.

“Hindi tama ’yun. Kawawa naman ’yung partner mo. Baka bumagsak siya sa PE natin,” sabi nito.

“Kesa ikaw ang bumagsak,” sabi niya.

“Well, gan’un siguro talaga ang kapalaran,” sabi nito at mapaklang ngumiti. Mayamaya pa ay tinawag na ang kanilang klase para mag-perform.

“’Ayan na. Good luck, ha. Galingan mo. Manonood ako,” sabi nito sa kanya.

“Paano ka?” nag-aalalang tanong niya.

“Makita ko lang na maganda ang presentation n’yo, okay na ako. Break a leg!” sabi ni Mailene na bagaman nakangiti ay hindi umabot sa mga mata ang saya.

After ng presentation ay agad niyang hinanap ang dalaga, pero hindi niya ito mahagilap. May

nakapagsabing umuwi na ito.

He tried his best para kontakin ito pero hindi na gumagana ang number na ibinigay nito. Muli't muli ay bumabalik si Brett sa garden sa pag-asang makikita niya si Mailene, pero hindi ito nagagawi roon. Sinubukan din niya itong abangan nang sunod na enrollment, pero sadyang mailap ito.

Brett prayed every night to see her again.

Pero parang bingi ang langit sa pakiusap niya.

# 2

Ga-graduate na at lahat si Brett, pero hindi pa rin nawawaglit sa isipan niya si Ms. Chubby and Cute na si Mailene Felizardo. Habang nakatingin sa evaluation form niya for graduation ay naalala niya ang dalaga.

*Nasaan na kaya siya? Ga-graduate na din ba siya?*

Inilalagay niya na sa envelope ang form habang palabas ng Registrar's Office nang isang tumatakbong babae ang bumangga sa kanya.

"S-sorry," sabi nito at tinulungan siyang damputin ang mga papeles niyang tumapon sa sahig.

"It's okay…" Natigilan siya nang mapagsino ito.

"Sorry ulit. I… I have to go." Iniabot nito sa kanya ang huling form na nadampot at agad umalis.

He was just thinking about her.

---

*For four, long years, pinaniwala ko ang sarili kong minahal mo ako. Nagbulag-bulagan ako sa mga ikinikilos mo. 'Yun pala totoo ang lahat ng hinala ko.*

Iyon sana ang gustong isumbat ni Mai sa nobyong

si Matthew nang mahuli niya itong may kahalikan sa Biology Lab. Pero ayaw niyang komprontahin ito nang harapan dahil baka lalo lang siyang masaktan kapag nakumpirma niyang hindi na siya nito mahal.

Hindi kinaya ng puso niya ang nakitang tagpo. Kaya naman ganoon na lang kabilis ang takbo niya sa hallway, palayo sa Biology Lab, tumawid siya sa bridge papunta sa kabilang building.

At hindi niya nakita ang bulto ng katawan sa daanan. Nang sumalya siya sa matipunong dibdib nito ay panandalian niyang nalimutan ang kanyang tinatakbuhan.

*Ano ba naman 'yan, Mailene! Hindi mo tinitingnan ang dinadaanan mo,* sermon ng kanyang konsyensya.

Thankfully, malaki ang katawan ng nabangga niya kaya parang hindi nito ininda ang matabang katawan niya. Namula siya sa isipin. Sa hiya sa lalaki ay agad din siyang nagpaalam.

Namukhaan niya ito, at pakiramdam ni Mailene ay napakamalas ng araw niya. Nabangga niya ang isa sa mga hinahangaan niya sa Boys Basketball Varsity, si Brett Navarro.

Ang boyfriend niya sa reality, may kahalikang iba. Pagkatapos iyong tinuturing niyang boyfriend

sa panaginip, muntik na niyang madisgrasya. Kaya naman ganoon na lang ang pagmamadali niya kanina, umaasang hindi siya nito matandaan.

---

It was like an answered prayer.

Hindi siya maaaring magkamali. It was her. Ang babaeng una niyang minahal at patuloy niyang minamahal.

Animo'y silver lining sa gitna ng madilim na mga ulap ang katatapos na tagpo.

"Hoy, Brett. Okay ka lang ba?" tanong ni Brandon. Kalalabas lang nito galing sa Registrar's Office.

"I've never been better," sabi niya sa kaibigan. "Tara, bro?"

"Akala ko kanina ka pa nakaalis?" usisa ni Brandon na takang sumunod sa kanya.

"Hinintay na kita tutal sa practice din ang punta ko. Mabilis lang naman pala magpapirma, eh," sagot niya.

Sa laki ng building kung saan niya nakitang galing si Mailene, hindi niya alam kung saang floor doon siya dapat magsadya para makita itong muli.

Nahiling niya na kung may pag-asa nga sila nito, sana ay bigyan siya ng sign.

This was his last chance to make everything right. Pero hindi niya alam kung saan at paano magsisimula.

Tuloy nang oras na ng basketball practice, hindi gaanong makapag-focus si Brett.

At hindi roon natapos ang problema.

Ilang araw na siyang nakaka-miss ng pasa ng bola, kung di miss ng free throw.

"Navarro, may problema ba tayo?" tanong ng coach nila.

"Coach, wala ho," maagap niyang sagot.

"Eh, bakit napapansin ko ilang araw ka nang wala sa sarili?" inis na tanong nito.

"Mukhang in love lang coach." Si Brandon.

Tinapunan niya ito ng masamang tingin. Hindi naman pinansin ng coach nila ang komento nito.

"Guys, next week na ang big game. Championship na ito. Let's all focus, please. I'm cutting this practice short for now dahil championship ng girls' varsity. We'll start early tomorrow," pagtatapos ni Coach Gerry bago umalis.

Nang makatalikod ito ay binato ni Brett ng bola si Brandon.

“Ikaw. Bawas-bawasan mo ang pagiging chismoso, ha. Silya na ang ibabato ko sa iyo sa susunod,” paangil niyang sabi sa ka-team.

“Init naman ng ulo nito. Diyan ka na nga,” sabi ni Brandon at sumibat na rin.

Nagpaiwan siya para mag-cool down. Kung tutuusin, tama ang kaibigan sa sinabi nito sa kanilang coach. Nahihiya lang siyang aminin na iyon nga ang dahilan.

“Ano’ng problema, ’Tol?” tanong ni Travis, ang kanyang best friend.

“Wala naman,” sabi niyang pilit pumupukol ng free throw pero hindi nakaka-shoot.

“Wala naman, pero mukha kang laging lutang. Tapatin mo ako, nakatira ka ba?” tanong nito na nakipaglaro na sa kanya.

“Hindi, ’no! Lokong ’to,” tatawa-tawang sagot niya.

“So, bakit ka wala sa sarili?” seryoso nitong tanong. Sinambot niya ang bola na inihagis nito.

"Remember the girl I mentioned to you?"

Kunot-noo itong tumingin sa kanya bago muling nag-shoot ng bola.

"The girl I've been looking for noon pa? Si Ms. Chubby and Cute from my first PE class here at the university?" Alam niyang alam nito ang tungkol doon.

"So, totoo pala si Ms. Chubby and Cute. Akala ko imaginary friend mo siya, palusot mo lang para pagtakpan ang totoo mong kasarian," nakangising sabi ni Travis.

Gusto niyang mapikon pero maski kasi picture ay wala siyang maipakita para patunayang totoo ang crush niya. At tungkol sa kasarian, sa dami ng tinanggihan niyang indecent and decent proposals sa mga nagdaang taon, baka nakapagtataka nga.

"Loko ka talaga, Travis. Seryoso ako, pare," giit ni Brett.

"Sa wakas, mukhang nagkita na kayo ulit. Mataba pa rin siya?" pang-aalaska nito.

"Oo. Chubby and cute pa rin and I believe nothing has changed, pare. Meron pa rin siyang dating sa akin," sagot niya.

"Wow! Coming from you, kinilabutan ako.

Sisiguraduhin ko lang, p're. We are talking about a girl, right?" Sadyang inaasar siya nito.

"Malapit na akong mapikon sa iyo, ha?" Umamba siyang babatuhin ito ng bola.

"Whoever she is, she's one lucky girl to get the attention and affection of Mr. Brett Navarro. Na-curious tuloy ako. Ano'ng kulay ng uniform niya?" tanong ni Travis.

Sa school kasi nila, made-determine ang kurso sa hitsura ng uniform. Bakit ba hindi niya agad naisip iyon. Napahinto siya at inalala ang uniform nito nang magkita sila.

"Para siyang scrub suit, katulad ng sa Dentistry. Pero blue ang kulay tas may gray lining."

"Nursing 'yun, pare. Gan'un ang duty uniform nila," sabi ni Travis.

"Sure ka, pare?" Sigurado siyang nagliwanag ang kanyang mukha sa narinig. At least ngayon may lead na siya kung saan ito hahanapin.

"Oo. 'Yung ex ko noong third year tayo, Nursing 'yun, eh," paniniyak ni Travis. Kakaiba talaga ito pagdating sa babae.

"Thanks, bro."

“No prob. Paano, kita na lang tayo sa grounds ng *St. Louie*. Hindi sana tayo ma-home court decision,” paalam ni Travis. May laro sa nasabing school ang girlfriend nito.

Naiwan si Brett na nag-shoot pa ng ilan bago tuluyang umalis.

# 3

Naabutan siya ng kaibigang si Eunice na umiiyak sa pinakadulong bahagi ng locker room. May upuan kasi roon. Akala raw nito ay may nagmumulto. Gustong matawa ni Mai dahil sa halip na tumakbo, talagang hinanap pa nito ang akala ay "crying lady" umano.

Alam ni Mai na nagulat ito nang makita siya. Sigurado dahil mukha talaga siyang multo sa mga matang pulang-pula na sa kakaiyak.

"What's wrong, sis? Bakit ka umiiyak?"

Lalo lang siyang naiyak. Niyakap na siya ni Eunice.

"Nakita ko kasi si Matthew, may kahalikan siya sa Biology Lab the other day. I confronted him about it and he didn't even deny it. He broke up with me through text just now. I hate him, tarantado siya!" At hindi na niya napigilan ang humagulgol.

"Mai, matagal na naming sinasabi sa iyo 'yun. Good thing nakita mo na who he really is. He's not worth your tears."

Pinilit niyang tumahan at ayusin ang sarili..

"Sasama ka ba sa laro ni Robyn? D'un na tayo sa *St. Louie* magkikita for the game. It's okay if you're not up for socializing," sabi ng kaibigan.

"Hay naku. Ako pa? Sasama ako. Ano'ng gagawin ko, magmumukmok? But please, huwag mo na sanang mababanggit kay Guia. Baka manermon mula ulo hanggang paa." Pilit niyang pinasigla ang tinig.

---

Habang nanonood ng laro ay pakiramdam ni Mailene ay hindi kayang maskarahan ng tawa at ngiti niya ang masalimuot na karanasan niya sa pakikipagrelasyon.

She thought their relationship would last forever. Kung dati ay naitatawa niya ang mga tampuhan nila at away, ngayon parang ang hirap gawin dahil naiisip niyang wala na siyang babalikan, wala nang boyfriend na susuyuin kahit hindi siya ang may kasalanan.

Siguro nga dahil sa kakulangan ng connection sa pagitan nila, hindi na talaga mareremedyuhan.

*Gaga ka talaga, Mailene. Ngayon iiyak-iyak ka dahil sa lalaking 'yun.*

Dapat matagal na niyang inamin na pagkatapos ng mga unang tatlong buwan, naging boring na ang

kanilang pagsasama. Siya lang yata ang malambing at pilit nakikipag-connect dito.

Kapag hindi sila magkasama, ni i-text siya ay hindi ginagawa ni Matthew. They never even kissed.

Sa isiping iyon ay natigilan si Mailene. He never even tried to steal a kiss from her. Sa cheeks nga lang ay parang hesistant pa ito.

Siya lang talaga ang gumagawa ng lahat ng effort sa kanilang relationship.

Ang hirap palang umaktong normal kapag may pinagdadaanan ka. Natigil ang pag-iisip niya nang maka-three points si Robyn. Napatayo ang mga kasama sa bleachers at nagsigawan.

"Go, Robyn! Nga pala, Mai, nasaan si Matthew?" tanong ni Guia.

"Nasa past," sagot niya, trying her best not to cry.

"Wala na kayo?" nanlalaki ang mga matang usisa ni Guia.

"Naging kami ba? Parang hindi ko naman naramdaman." Ngumiti pa siya sa kaibigan.

Pinakatitigan siya nito. "Okay ka lang ba? Bakit hindi mo ako tinext agad? Kelan pa?" Nasa boses nito

ang pag-aalala.

"Sa text lang nakipag-break. Okay lang ako. Wala naman kaming masyadong memories ng damuho kaya parang wala lang."

Nakita niyang ngumiti si Eunice sa sinabi niya.

"Apat na taon? Walang connection? Ikaw na, girl! But are you sure okay ka lang talaga? Baka naman habulin mo pa, ha."

Umismid lang siya sa unahan.

*That will never happen. Isinuka na ako, bakit ko pa ipagsisiksikan ang sarili ko? Hindi naman ako gan'un ka-desperada.*

Itinuon na niya muli ang atensyon sa laro.

Ewan ba niya. Masokista yata siya. Paulit-ulit niya pa ring naiisip ang pakikipag-French kiss ni Matthew sa babae sa Biology Lab.

It hurt so bad she wanted to cry. Naramdaman niya ang pag-init ng mga mata. Agad niya iyong pinigilan.

She felt sorry for herself for loving a jerk like Matthew.

---

Tahimik si Brett, malalim ang iniisip. Kailan kaya niya ulit makikita si Mailene? Ngayong may lead na siya kung saan ito matatagpuan, aligaga siya habang nanonood ng laban.

Buntong-hininga na lang ang kanyang pinakawalan. Sabi nga, live to fight another day.

Marahang sinuyod ng mga mata niya ang audience. Madami rin palang pumunta para sa championship. Nahagip ng tingin niya ang babaeng matagal na niyang hinahanap. Saktong nag-buzzer, hudyat na tapos na ang game. Panalo ang kanilang koponan.

Kita niya ang pakikipagyakap ni Mailene sa mga kasama at ang akmang pag-alis. Hahabulin na dapat niya ito nang hatakin siya ni Brandon.

“Tara, bro. Baka mahirapan tayong lumabas,” sabi nito.

Hindi na niya nakuhang habulin pa si Ms. Chubby and Cute na mukha pa ring malungkot bagaman nanalo ang team nila.

---

Pakiramdam ni Mailene, hindi niya na kaya

pang sumama sa mga kabarkada para mag-celebrate habang ang kanyang puso ay durog na durog. Pero ayaw niyang maging killjoy. Habang naghihintay kay Robyn ay nakita nila ang nobyo nitong si Travis.

Masayang nagkumustahan ang mga nasa paligid niya.

“Ano’ng plano? S’an ang celebration?” pagkuwa’y tanong ni Travis.

“Sa bahay,” sagot ni Eunice. “Hinahanda na ng mom ko ang place namin for the victory party. Surprise na rin ng mom niya. Alam n’yo naman na nasa ibang bansa ang buong pamilya niya.”

“Cool. Puwede ba akong magdala ng mga kaibigan ko? I think it’s time na ma-meet n’yo rin sila,” ani Travis, nang matanaw ang dalawang lalaking palapit dito.

“Sure!” sabi ni Eunice.

Mayamaya pa ay lumabas na si Robyn. Binati ito ng mga katropa.

“Girls, these are my friends, Brandon and Brett,” pakilala ni Travis.

In-introduce naman sila ni Robyn sa mga kaibigan ng boyfriend nito.

Natigilan si Mai nang magtama ang mga paningin nila ni Brett. Nakatitig ito na para bang hindi nito maalis sa kanya ang tingin.

Agad niyang iniiwas ang mga mata.

"Tara na. Gutom na ako, eh," sabi niya.

"Kahit kelan talaga, Mai, pagkain ang nasa isip," tudyo ni Guia.

"At least ang pagkain pinasasaya ako at hindi ako niloloko," ani Mai, pilit itinatago ang bitterness sa tinig.

"Hugot!" sabay-sabay na sabi ng tropa saka nagtawanan.

"Kita-kita tayo sa bahay. Convoy na lang?" ani Eunice nang humupa ang tawanan. "Pasabay, Guia, ha?"

Tumango si Travis. Dito na sasabay si Robyn.

"Wait. Hindi ko dala ang kotse ko," sabi ni Jody. "Kasya ba tayo sa kotse mo?" tanong nito kay Guia.

"I think kasya naman kayo. Ikaw sa harap, Jody. Sina Eunice, Mitch at Mai, magsisiksikan sa likod."

"Wala munang hihinga hanggang kina Eunice," kantyaw ni Mitch.

Napangiti lang si Mai. Sanay na siya sa panunukso ng mga ito sa kanya. Dati, she would just shrug it off. Pero ngayong kagagaling pa lang niya sa break up, it had her thinking na kaya siguro hindi siya sineryoso ng lalaking una niyang minahal ay dahil sa big-ure (big figure) niya.

---

Napansin ulit ni Brett ang malungkot na ngiti ni Mailene. Kanina pa kasi siya titig na titig sa dalaga. Hindi niya napigilang hindi sumabat sa usapan ng mga ito.

"Excuse me," sabi niya. Natigilan siya saglit nang sabay-sabay tumingin ang mga babae sa gawi niya. Pinanatili niya ang composure at hindi nagpahalatang kinabahan. "Mukhang problemado kayo sa sasakyan. If it's okay with you, puwede namang sumabay sa akin o kay Brandon ang iba sa inyo."

Nagtinginan ang mga ito sa kanyang suggestion.

"Seloso ang boyfriend ko kaya I'll ride with Guia. Kayo?" ani Jody.

"Ako na lang. Kanino ba puwede sumabay?" Si Mailene.

"Okay. You go with Brett. Medyo mas malaki ang

sasakyan niya," sabi ni Brandon na parang natatawa, pero biglang tumahimik nang tapunan ng matalim na tingin ni Brett.

Kumabog ang puso ni Mailene nang magkatinginan sila ni Brett. May paghanga siya sa binata pero ayaw naman niyang magmukhang shunga sa harap nito.

"Tara na at nang masimulan na natin ang party. Okay, guys, sunod na lang kami ni Papa Brett sa inyo. Tara, Papa Brett. S'an ba ang kotse mo?" Nakuha pang umabrisiete ng dalaga sa braso ng lalaki.

Sa puntong iyon, nasa Cloud 9 ang pakiramdam ni Brett.

"Hindi ko alam kung kanino ako dapat mag-alala. Kung kay Brett o kay Mai," sabi ni Robyn sa nobyo habang sinusundan ng tingin ang dalawa.

"I don't think we have to worry about them at all. Malalaki na sila. And the way I see it, magiging okay ang lahat," makahulugang sabi ni Travis.